# DELFIN H. MUNDALA JR.

Kasalukuyang nagtuturo ng Filipino at Panitikan sa Mindanao State University - Iligan Institute of Technology. Nakatira sa Lungsod ng Iligan at dito humuhugot ng mga paksang isinusulat. Miyembro ng Bathalad Mindanao (Bathalan-ong Halad sa Dagang) 2016 at LUDABI (Lubas sa Dagang Bisaya) 2017. Naging Fellow sa 24th Iligan National Writers Workshop 2017 sa kasagsagan ng ng Martial Law sa Mindanao at giyera sa Marawi. Sumusulat din ng tula (Cebuano/Filipino), maikling kuwento (Cebuano/Filipino), dagli (Cebuano/Filipino), at dula tungkol sa nangyayari sa Mindanao partikular sa Iligan. Nakapag-aral ng doktorado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas noong 2016 - 2019.

# ANG PAGSULSOL

Natabunan na ang kapunawpunawan
Gitukob ang bidlisiw sa haring
adlaw sa silweta sa mga sakayan
ang kahayag ug kangitngit
nagbinirahay
“Makahinumdom gyod ko ni tatay kung makita ko ang
pantalan” pulong ni Miguel
Sa ilang mata gianinaw ang pantalan
nangutana si Camelo
“Nakit-an gyod sa imong tatay ang santilmo?”
“Oo, gabi-i daw kadto,
patay ang mga tawo
naglutaw sa ibabaw ng tubig
ang santilmo”
gisulsolan ni Miguel ang higala
“hulaton ba nato karong gabi-i
Ang paggawas sa santilmo,
Atong duolon ug dayong hibaw-on?”
“Si…sige, unya…” duha-duhang tubag sa higala.

# ANG PANG-UUDYOK

Natatabunan ng mga silweta
mula sa mga bangka sa abot-tanaw
ang mga silahis ng araw
habang naghihilahan ang liwanag at dilim.
sabi ni Miguel,
"Naalala ko talaga si tatay kapag nakikita ko ang pantalan."
Nakatingin ang dalawa sa pantalan
At nagtanong si Camelo,
"Nakita ba talaga ng tatay mo ang santilmo?"
"Oo, gabi raw noon,
patay ang mga tao
nakita niya ang santilmo
lumulutang sa ibabaw ng tubig."
Tumango naman si Camelo
inudyok ni Miguel ang kaibigan
"O, ano, hintayin natin ngayong gabi
na lumabas ang santilmo,
at pagkatapos ay lapitan natin?"
nagdadalawang-isip na sagot si Camelo
"Si…sige, mamaya."